JETIR.ORG ISSN: 2349-5162 | ESTD Year : 2014 | Monthly Issue
JOURNAL OF EMERGING TECHNOLOGIES AND INNOVATIVE RESEARCH (JETIR)
An International Scholarly Open Access, Peer-reviewed, Refereed Journal

# KASANAYAN SA PAGBASANG MAY PAG-UNAWA GAMIT ANG MGA *OSIPONG BIKOL*

**Flory Ann Palero Competente**
Teacher III
Department of Education – V. Bagasina Sr. Memorial High School
Pili, Camarines Sur, Philippines

***Abstrak:*** Nilayon ng pag-aaral na ito na matukoy ang kabisaan ng mga *Osipong Bikol* bilang modyul upang mapaunlad ang kasanayan sa pagbasang may pag-unawa ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang ng *V. Bagasina Sr. Memorial High School*, Tanggapan ng mga Paaralang Pansangay ng *Camarines Sur*, taong-panuruang 2023-2024. Ito ay naglayong masagot ang sumusunod na tiyak na suliranin: 1) Ang pangkalahatang antas sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang sa *pre-test* batay sa sumusunod na aspekto: a. *independent*, b. *instructional*, c. *frustration*, at d. *non-reader*, 2) Disenyong maaaring gawin upang mapataas ang antas ng pagbasang may pag-unawa ng mga mag-aaral, 3) Ang *curricular validity* o antas ng pagtanggap ng nabuong kagamitan batay sa sumusunod na pamantayan: a. kaangkupan, b. kasaklawan, at c. varayti ng mga gawain, 4) Ang pangkalahatang antas sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang sa *post-test* na isinagawa, 5) Kaibahan ng pangkalahatang antas sa pagbasa bago at pagkatapos gamitin ang interbensiyon, 6) Kaugnayan ng resulta ng *pre-test* at *post-test* na isinagawa sa pagpapataas ng antas ng pagbasang may pag-unawa ng mga mag-aaral sa Baitang 7, at 7) Kabisaan ng interbensiyong isinagawa sa pagpapataas ng antas ng pagbasang may pag-unawa ng mga mag-aaral.

Ang *Descriptive-Comparative Correlational* at *Research and Development* ang ginamit sa pag-aaral na ito kaugnay sa "Pagpapataas ng Kasanayan sa Pagbasang May Pag-unawa Gamit ang mga *Osipong Bikol*." Ang kabuoang bilang ng *respondents* ng pag-aaral na ito ay 132 mag-aaral na kabilang sa apat na seksiyon ng Baitang 7. Dalawa ang ginamit na instrumento sa pananaliksik na ito: ang *teacher-made test* na ipinagamit sa mga mag-aaral para sa *pre-* at *post-test* at ang *evaluation checklist* na ipinagamit naman sa tatlong gurong nagsilbing valideytor ng modyul na ginawa ng mananaliksik. Samantala, ginamit naman ang sumusunod na *statistical tool* para sa *development* at balidasyon ng modyul ng mga *Osipong Bikol*: *Mean, Standard Deviation, Proficiency Level, Weighted Mean, t-Test for Dependent Samples, Pearson Product-Moment Correlation Coefficient*, at *Cohen's d.*

Batay sa pag-aaral na ginawa ng mananaliksik, narito ang resulta ng pananaliksik: 1) Ang pangkalahatang antas sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 7 gamit ang *pre-test* ay nakakuha ng *Weighted Mean* na 28.52, 2) Ang disenyong maaaring gawin upang mapataas ang antas ng pagbasang may pag-unawa ng mga mag-aaral ay pagbuo ng modyul ng mga *Osipong Bikol* na may sumusunod na bahagi: *Mga Kasanayan sa Pagkanood, Panginot na Gibuhon, Pag-urulayan ta, Espasyo Para sa Naintindihan, Panghuring Gibuhon, Mahalagang Punto, Pagirumdom, Ebalwasyon sa Modyul Asin sa Sadiri, Giya sa Pagtsek*, at Sanggunian, 3) Ang *curricular validity* o antas ng pagtanggap ng nabuong modyul batay sa kaangkupan, kasaklawan, at varayti ng mga gawain ay may *Weighted Mean* na 4.98, 4) Ang pangkalahatang antas sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 7 gamit ang *post-test* ay nakakuha ng *Weighted Mean* na *34.45*, 5) May makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pangkalahatang antas ng pagbasa bago at pagkatapos ng pagpapatupad ng interbensyon na may *t-stat value* na 12.241 at *p-value* na 0.000, 6) Ang ugnayan sa pagitan ng mga resulta ng *pre-test* at *post-test* ay tinutukoy ng isang *r-value* na 0.851 at *p-value*

na 0.000, at 7) Ang interbensiyong isinagawa sa pagpapataas ng antas ng pagbasang may pag-unawa ng mga mag-aaral ay may resultang 0.605 na *Cohen's d*.

Mahihinuha rin sa pag-aaral na ito na: 1) Ang antas sa pagbasa ng mga mag-aaral ay maaaring *independent, instructional, frustration* o *non-reader*, 2) May angkop na disenyo ng modyul na maaaring gamitin upang higit na mapataas ang antas ng pagbasang may pag-unawa ng mga mag-aaral, 3) Ang antas ng pagtanggap o *curricular validity* ng nabuong modyul ayon sa kaangkupan, kasaklawan, at varayti ng mga gawain ay maaaring katanggap-tanggap, 4. Maaaring magkaroon ng pag-unlad sa antas ng pagbasa ng mga mag-aaral kung gagamitin ang angkop na interbensiyon sa pagpapataas ng antas ng pagbasa, 5) May pagkakaiba sa pangkalahatang antas ng pagbasa bago at pagkatapos maisagawa ang interbensiyon, 6) May kaugnayan ang resulta ng *pre-test* at *post-test* sa pagsagawa ng interbensiyon upang mapataas ang antas ng pagbasang may pag-unawa ng mga mag-aaral sa Baitang 7, at 7) Mabisang gamitin bilang alternatibong kagamitang pampakatuto ang modyul ng mga *Osipong Bikol* na mabubuo.

***Pangunahing Kaisipan - Antas ng Pagbasa, Pagbasang may pag-unawa, Osipong Bikol***

## I. PANIMULA

Ang pagbasa ay isa sa mga makrong kasanayang pangwikang dapat malinang sa isang mag-aaral. Sa oras na maunawaan ng mag-aaral ang binabasa, mas magsisimula ang paglawak ng kaniyang kaalaman, kasanayan, karunungan, at halagahan. Higit sa lahat, maaari pang mailapat o magamit sa sarili ang anumang magandang mensahe o kaisipan mula sa binasa. Sa murang gulang pa lamang ay kinakailangang matuto na ang isang mag-aaral na magbasa. Ito ay upang pagdating sa mas mataas na baitang sa pag-aaral, madali na sa mag-aaral ang pag-unawa sa mga aralin sapagkat nalinang na ito habang nasa mababang baitang pa lamang. Sa kasalukuyan ay nagiging suliranin ang pagbasa dahil may mga mag-aaral na nakaabot na sa mas mataas na baitang na hindi pa gaanong nalilinang ang kasanayan sa pagbasang may pag-unawa. Isa sa dahilan kung bakit mababa ang kalidad ng edukasyon ay ang pagbaba rin ng antas ng literasi o kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Matagal nang suliranin ang krisis sa pagkatuto ng mga mag-aaral lalo na sa mga papaunlad na bansa. Sa patuloy na pag-usbong ng teknolohiya sa kasalukuyan pati na rin ang pagbabago ng sistema ng edukasyon sa bansa kaya ang mga mag-aaral ay nahahati na ang kanilang atensiyon sa pag-aaral gayundin sa pagsabay sa bilis ng takbo ng buhay sa kasalukuyan. Kung dati, pagsagot sa takdang-aralin ang inaatupag ng mga mag-aaral pagdating sa bahay, ngayon ay iba na dahil may mga mag-aaral na nalululong na sa paggamit ng *cellphone* lalo na sa paggamit ng iba't ibang *social media* kaya ang iba ay napapabayaan na ang kanilang pag-aaral.

Sa *press release* na pinalabas ng *United Nations Children's Emergency Fund* (2022), tinatayang 70% ng mga batang nasa edad 10 na mula sa mga papaunlad na bansa sa buong mundo ay hindi makabasa ng kahit na simpleng pangungusap ayon sa ulat ng *World Bank, United Nations Educational, Scientific, and Cultural Organization (UNESCO), United Nations International Children's Emergency Fund (UNICEF), Foreign, Commonwealth & Development Office (FCDO) of United Kingdom, United States Agency for International Development (USAID) and the Bill & Melinda Gates Foundation*. Samantala, sa ipinalabas namang ulat ng *Organization for Economic Cooperation and Development (OECD)* noong Disyembre 2019, nakakuha ng 340 puntos sa *Overall Reading Literacy* ang mga mag-aaral na Pilipino na sumali sa *Program for International Student Assessment (PISA)* noong 2018 at ito ay mababa sa itinatakdang *average* na puntos na dapat matamo na 487. Ibig sabihin, isa sa bawat limang Pilipinong mag-aaral o 19.4% ang nakakuha ng *minimum proficiency level* sa *Overall Reading Literacy*. Inihayag din sa ulat na sa mga bansa sa Asyang sumali sa *PISA* na kabilang ang *Singapore, Malaysia, Brunei, Thailand, Indonesia,* at Pilipinas, ang huli ang nakakuha ng pinakamababang resulta samantalang ang Singapore naman ang nakakuha ng pinakamataas na puntos – 549 lagpas sa *average* na itinakdang 487. Samantala, halos 80% ng mga Pilipinong mag-aaral ay nasa *Proficiency Level 1a*, ibig sabihin, hindi nila matukoy ang pangunahing kaisipan sa mga babasahin at hirap din ang mga itong gumawa ng paghahambing at pagdurugtong ng mga kaisipan mula sa binabasa.

May mga programa namang inilunsad ang Kagawaran ng Edukasyon upang matugunan ang suliraning ito sa literasi ng mga mag-aaral. Isa na rito ang *Philippine Informal Reading Inventory (PHIL-IRI, 2018)* na naglalayong gawing mambabasa ang bawat Pilipinong mag-aaral alinsunod sa programa ng kagawaran na *"Every Child A Reader Program."* Ang *PHIL-IRI* ay binubuo ng mga impormal na

babasahing angkop sa bawat baitang ng mag-aaral upang tukuyin ang *performance* ng mag-aaral sa pagbasa. Ito ay impormal dahil ang *PHIL-IRI* ay hindi estandardisado ayon sa Kagawaran ng Edukasyon at nagbibigay lamang ito ng pagtataya sa abilidad ng mag-aaral at ito ay maaaring gamitin kasama ng iba pang mapagkakatiwalaang kasangkapan sa pagtatasa ng kakayahan ng isang mag-aaral kaugnay sa pagbasa.

Samantala, nakapaloob sa *DepEd Order No. 16, s. 2012* o mas kilala bilang Panuntunan sa Paggamit ng *Mother Tongue-Based Multilingual Education* (MTB-MLE) na mapapaunlad ang kakayahang pangkaisipan lalo na ang *higher-order thinking skills* ng mga mag-aaral sa tulong ng *Mother Tongue* o Unang Wika. Gamit ito, maihahanda ang mga mag-aaral sa pagkakaroon ng kahusayan sa mga kasanayang pampagkatuto upang matamo ang akademikong pag-unlad sa bawat asignatura sa lahat ng antas ng pag-aaral.

Isa sa mga suliraning kasalukuyang kinakaharap ng kaguruan ng *V. Bagasina Sr. Memorial High School* – Tanggapan ng mga Paaralang Pansangay ng *Camarines Sur* ay ang mababang antas ng literasi o kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 7. Sa paunang pagtataya sa pagbasa na isinagawa ng mga guro sa asignaturang Filipino at Ingles, 5 hanggang 10 mga bata sa isang pangkat ng Baitang 7 na binubuo ng 35-40 mag-aaral ang hindi marunong o nahihirapan sa pagbabasa ng mga artikulong nakasulat sa wikang Filipino. Dahil dito, nahihirapan din ang mga mag-aaral na basahin at unawain ang mga aralin sa bawat asignatura kaya nagiging mababa ang marka. Ito ang dahilan kung bakit ang pagsasagawa ng malawakang pag-aaral upang matulungan ang mga mag-aaral na may problema sa pagbasa ay lubos na kailangan. Bawat mag-aaral ay kinakailangang malinang ang kakayahan sa pagbasa. Ito ang matatag na pundasyon sa pagkatuto at pagkakaroon ng maayos na edukasyon. Apektado ang iba pang makrong kasanayang dapat malinang sa mag-aaral kung hindi marunong magbasa ang isang mag-aaral.

Bilang pagtugon sa suliraning nabanggit, ang mananaliksik ay ginamit ang *Mother Tongue* o Unang Wika upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa Baitang 7 na pataasin ang antas ng kanilang kasanayan sa pagbasa gamit ang mga kuwentong nakasulat sa *Bikol*. Sinusugan nito ang pahayag ni Almario (2014) sa kaniyang aklat na *Madalas Itanong Hinggil sa Wikang Pambansa*. Binanggit niyang hinihikayat ang paggamit ng wikang pantulong o *auxiliary language* para sa higit na pagkakaintindihan ng dalawa o higit pang nag-uusap. Alinsunod din ito sa nakapaloob sa Artikulo XIV, Seksiyon 7 ng 1987 Konstitusyon na nagsasabing:

> "Ang mga wikang rehiyonal ay ang mga opisyal na wikang pantulong sa mga rehiyon at magsisilbing mga wikang pantulong sa pagtuturo sa naturang mga pook."

Sa pananaliksik na ito, *Osipong Bikol* ang mga akdang ipinabasa sa mga mag-aaral dahil ito ay nakasulat sa midyum na *Bikol* na wikang kinagisnan ng mga *respondent* ng pag-aaral na ito. Bukod pa rito, ang *Osipong Bikol* ay kinapalooban ng mga impormasyon kaugnay sa kultura, tradisyon, gawi, at paraan ng pamumuhay ng mga *Bicolano* noon at ngayon na kailangang matutuhan din ng mga mag-aaral sa kasalukuyan. Taglay rin ng nasabing *Osipong Bikol* ang mga kagandahang asal at mga pagpapahalagang dapat maikintal sa kasalukuyang henerasyon kaya ito ang pinili ng mananaliksik. Ang mga kuwento o *osipong* nakasulat sa wikang *Bikol* ay ipinagamit sa mga mag-aaral bilang karagdagang babasahin upang malinang ang kanilang kasanayan sa pagbasa. Naniniwala ang mananaliksik na dahil nasa wikang *Bikol* ang mga kuwento ay mas mauunawaan ng mga mag-aaral ang nilalaman nito kaya't magkakaroon ng makabuluhang pag-angat sa antas sa pagbasa sa tulong ng mga kuwentong *Bikol.* Bukod pa rito, ang nasabing mga *Osipong Bikol* ay tumatalakay sa kulturang Bikol na pamilyar ang mga mag-aaral kaya ito ay higit na makakatulong hindi lamang sa paglinang ng kasanayan sa pagbasang may pag-unawa maging sa pagpapaunlad ng pagka-Bicolano ng mga ito. Ang mga *Osipong Bikol* ay naglalahad ng mga kaugalian, kultura, tradisyon, at paniniwala na taal sa isang *Bikolano* kaya't ito ang pinili ng mananaliksik.

## II. MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

### 2.1 Kasanayan sa Pagbasang may Pag-unawa

Isang mahalagang gawain ang pagbasa kaya dapat itong malinang sa bawat mag-aaral. Ang pagbasa ay hindi lamang pagbigkas sa mga nakalimbag na letra. Nangangailangan din ito ng pag-unawa upang higit na maging makabuluhan ang gawaing pagbasa. Ang isang mag-aaral na mahusay sa pagbasang may pag-unawa ay malaki ang kalamangan sa mga mag-aaral na nahihirapan sa kasanayang ito. Sa pag-aaral na isinagawa nina Palma at Tubo (2019), binanggit na sa pagtuklas ng karunungan, napakahalaga ang tungkulin ng pagbasa sa isang indibidwal sa pagpapalawak ng kaniyang pananaw at sa pagbubukas ng mga kaalamang magiging daan upang siya ay matuto sa takbo ng buhay. Sa resulta rin ng kanilang pananaliksik, lumabas na may makabuluhang digri ng korelasyon sa pagitan ng antas ng komprehensiyon at akademikong performans ng mga mag-aaral. Ito ay may implikasyong kung mas mataas ang antas ng komprehensiyon ay mas mataas din ang magiging akademikong performans ng mga mag-aaral. Sa kasalukuyang panahon, isa sa pangunahing tungkulin ng mga guro sa wika ay mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa. Isinaad pa rin sa kanilang pananaliksik na natuklasan nina Gilakjani at Sabouri (2016) sa kanilang pag-aaral na pinamagatang *“How Can Students Improve Their Reading Comprehension?”* na ang mga estratehiyang ginagamit ng guro sa mga pagbabasa ay may malaking epekto sa kakayahan ng komprehensiyon ng mga mag-aaral. Ayon dito, may malaking naitutulong ang paggamit ng guro sa mga estratehiya sa paghasa sa pang-unawa ng mga mag-aaral. Kaya nararapat lamang na gumamit ng mga estratehiyang angkop sa mga mag-aaral at sa bawat layunin ng akdang babasahin. Pinatunayan din sa pag-aaral na may tuwirang ugnayan ang antas ng komprehensiyon at akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Kung mas mataas ang antas ng komprehensiyon ay mas mataas din ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral at kung mababa naman ang antas ng komprehensiyon ay mababa rin ang akademikong pagganap nito sa loob ng silid-aralan.

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matulungan ang mga mag-aaral na maunawaan ang mga babasahing binabasa ng mga ito. Dahil kapag naunawaan ng mambabasa ang anumang babasahin ay magiging madali na ang pag-ugnay nito sa mga naging karanasan at madali na rin ang pagtukoy ng nangingibabaw na kaisipan mula sa tekstong binasa. Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng wikang Bikol na midyum ng mga *Osipong Bikol*. Dahil Bikol ang wika ng mga mag-aaral ay mas madaling naunawaan ang binasa sapagkat ito ang wikang ginagamit at naririnig sa araw-araw na pakikipag-ugnayan sa iba. Dahil nakatuon ang pananaliksik na ito sa pagpaunlad sa kakayahan ng mag-aaral sa pagbasang may pag-unawa, inaasahang nalinang ang nabanggit na kakayahan sa pamamagitan ng mga *Osipong Bikol* na ginamit bilang lunsaran ng pag-aaral na ito.

### 2.2 Interbensiyon at Estratehiya sa Pagbasa

Sa kasalukuyan ay suliranin pa rin ang pagbasang may pag-unawa sa mga mag-aaral. Ito ang isa sa mga dahilan kung bakit nahihirapan ang isang mag-aaral na magpatuloy sa kaniyang pag-aaral lalo na pagdating sa mas mataas na antas ng pag-aaral. Kaya naman ang pagsasagawa ng mga makabuluhang interbensiyon at paggamit ng mga angkop na estratehiya upang mapataas ang antas ng pag-unawa sa binasa ay ang kahingian sa mga guro sa kasalukuyang panahon at sitwasyon.

Sa pag-aaral ni Belches (2022), binanggit na ang Kagawaran ng Edukasyon o Department of Education (DepEd) ay naglunsad ng isang komprehensibong *Learning Continuity Plan* (LCP) na tutugon sa mga hamon kabilang ang pagsasaayos sa kurikulum, pagkakahanay ng mga materyal sa pagkatuto, at karampatang suporta para sa mga magulang. Ayon naman kay Mojico (2022), sa pagtatamo ng kaalaman ay mahalagang may kaagapay ang guro upang mas lalong mapadali at maging mas makabuluhan ang pagtuturo. Malaki ang papel na ginagampanan ng kagamitang pampagtuturo sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Ayon kina Sta. Ana et al. na binanggit sa modyul na *Curriculum and Instruction:* Ang Pagtuturo ng Filipino (2014) na binanggit ni Mojico (2022) ay dapat na kawili-wili at nakakapukaw ng interes ang paggamit ng mga kontemporaneong estratehiya sa pagtuturong kinakapalooban ng mga kawili-wiling kagamitang pampagtuturo at mga awtentikong gawain.

Ayon naman sa pananaliksik na isinagawa nina Pabellano at Carada (2023) tungkol sa *Lokalisadong Storyboard ng mga Akdang Tayabasin at Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa at Kasanayan sa Pagpapayaman ng Talasalitaan*, ang wika at estilo ay nakakaapekto sa pag-unawa ng mambabasa kaya higit na mabuting gumamit ng simple, natural, at matapat na mga pahayag. Maaaring gumamit ng mga simple at payak na

salita sa mga impormal o di-maanyong sulatin samantalang sa pormal naman ay ang paggamit ng piling mga salita. Nangangahulugan lamang na napakahalaga ng mga wika at estilong ginagamit sa materyal sapagkat ito ang tutulong sa mga gagamit nito upang mabisa niyang maisakatuparan ang layunin ng materyal na kaniyang ginagamit gaya ng mga materyal sa pagbasa.

Sa pananaliksik na ito, ang mga *respondent* ay wikang Bikol ang unang wika. Ang *Osipong Bikol* na naging lunsaran sa pagpapataas ng antas sa kasanayan sa pagbasang may pag-unawa ay nakasulat din sa wikang Bikol. Pinatunayan nitong mas madali ang pagkatuto kung ang midyum ng babasahin ay pamilyar at alam ng mag-aaral at bahagi ng kanilang buhay at karanasan.

### 2.3 Modyul Bilang Kagamitang Pampagtuturo at Pampagkatuto

Ang pagkakaroon ng karagdagang kagamitang pampagtuturo at pampagkatuto ay isang kahingian upang higit na mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabasa. Anumang kagamitan sa pananaw ng guro ay makakatulong upang mas mapaunlad ang kasanayan at kakayahan ng isang mag-aaral ay hinihikayat na gamitin. Ang modyul bilang karagdagang kagamitan sa pagkatuto ay malaking tulong upang mas lalong matuto ang mga mag-aaral.

Batay sa isinagawang pag-aaral nina Castillo, et al. (2018), malaki ang gampanin ng mga kagamitang panturo gaya ng sanayang-aklat sa pagkatuto ng mga mag–aaral at sa mabisang pagtuturo ng mga guro sa hinaharap. Lubusan itong nagagamit at higit na nakakatulong upang magsilbing gabay sa pagtuturo at mas maging magaang ang daloy ng pagtuturo at pagkatuto.

Ayon naman sa papel-pananaliksik nina Inalvez-Dela Peña, Cura, at Galamay (2023) tungkol sa *Inter-aktibong Kagamitang sa Pagtuturo sa Filipino*, ipinakitang ang modyul ay isang mabisang kagamitan sa pagtuturo-pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagtuturo ng asignaturang Filipino at ay matatawag na *user-friendly* sapagkat maaari itong magamit muli maging sa r*emedial*, pagpapaunlad o suplementaryong materyal sa pagtuturo ng Filipino. Sa pananaliksik na ito, limang modyul ng mga *Osipong Bikol* ang binuo ng mananaliksik ang ginamit bilang interbensiyon sa pagpataas ng antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Pinag-aralan at sinagutan ng mga *respondent* ang mga gawaing nakapaloob sa nasabing modyul.

## III. METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

### 3.1 Disenyo at Pamamaraan

*Descriptive-Comparative Correlational at Research and Development* ang ginamit sa pag-aaral na ito kaugnay sa *Pagpapataas ng Kasanayan sa Pagbasang May Pag-unawa Gamit ang mga Osipong Bikol.*

Upang ilarawan ang suliranin ng pag-aaral na ito, *Descriptive Method* ang ginamit na pamamaraan upang ilarawan ang 7 suliraning binigyang-pansin sa pananaliksik na ito. Masusing tinalakay ang suliranin kaugnay sa mahinang antas ng pagbasang may pag-unawa ng mga mag-aaral sa Baitang 7 na *respondents* ng pag-aaral na ito.

Upang matukoy naman ang pagkakaiba ng antas ng pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 7 bago at pagkatapos ng interbensiyon sa pagbasa, ginamit naman ang *Comparative* na pamamaraan ng pananaliksik. Sa pag-aaral na ito, isinagawa ang *pre-* at *post-test* upang malinaw na makita ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral. Matapos ang pagbigay ng nasabing mga pagsusulit ay inihambing ang resultang nakuha ng mga mag-aaral.

Samantala, *Correlational* ang ginamit na pamamaraan upang ipakita ang kaugnayan ng resulta ng *pre-* at *post-test* na isinagawa sa pagpapataas ng antas ng kasanayan sa pagbasang may pag-unawa ng mga mag-aaral. Sa nasabing resulta, nakitang nagkaroon ng pag-angat sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 7 na *respondents* ng pag-aaral na ito matapos ang ibinigay na interbensiyong modyul ng mga *Osipong Bikol*.

Ginamit naman ang *Research and Development* para sa ginawang modyul na ginamit sa interbensiyong isinagawa ng mananaliksik. Ang limang modyul na nabuo sa pananaliksik na ito ay

nakaangkla sa sumusunod na disenyo: *Mga Kasanayan sa Pagkanood* (Mga Kasanayan sa Pagkatuto), *Panginot na Gibuhon* (Paunang Pagtataya), *Pag-urulayan Ta* (Nilalaman), *Espasyo Para sa Naintindihan* (Espasyo Para sa Talakayan), *Panghuring Gibuhon* (Panghuling Pagtataya), *Mahalagang Punto* (Pangunahing Punto ng Talakayan), *Pagirumdom* (Paalala), *Ebalwasyon sa Modyul asin sa Sadiri* (Ebalwasyon sa Modyul at sa Sarili), *Giya sa Pagtsek* (Mga Tamang Sagot) at Sanggunian.

### 3.2 Mga *Respondent* ng Pag-aaral

Ang *respondents* o tagatugon sa pananaliksik na ito ay ang mga mag-aaral na nasa Baitang 7 ng *V. Bagasina Sr. Memorial High School – Himaao, Pili, Camarines Sur* Taong-Panuruan 2023-24. Ang kabuoang bilang ng *respondents* ay 132 mag-aaral na kabilang sa apat na seksiyon ng Baitang 7 at makikita ito sa Talahanayan 1 sa ibaba.

Sa *7-A*, 31 ang naging *respondents*, 32 sa *7-B*, 35 sa *7-C* samantalang 34 naman sa *7-D*. Sinagutan ng mga ito ang panimula at panapos na pagsusulit na binubuo ng 48 pamprosesong tanong tungkol sa binasang limang *Osipong Bikol*. Kabilang din sa mga ginamit ng mga nabanggit na *respondents* sa pagpapataas ng antas ng kanilang kasanayan sa pagbasang may pag-unawa ay ang limang modyul na binuo ng mananaliksik upang maging interbensiyon sa pagtamo ng layunin ng pananaliksik na ito.

**Talahanayan 1**
**Mga Mag-aaral na *Respondent* ng Pananaliksik**

| Seksiyon | Bilang ng Respondent |
|---|---|
| 7-A | 31 |
| 7-B | 32 |
| 7-C | 35 |
| 7-D | 34 |
| **Kabuoan** | **132** |

Samantala, tatlong ekspertong guro naman sa Filipino ng *V. Bagasina Sr. Memorial High School* ang naging valideytor para sa *curricular validity* ng nabuong modyul ng mga *Osipong Bikol* na naging interbensiyon ng pag-aaral na ito. Sa tatlong gurong nagsilbing valideytor ng modyul na nabuo ng pananaliksik na ito, isa sa mga ito ay may posisyong *Master Teacher I* at dalawa ay *Teacher III*. Ang nasabing mga guro ang nagsilbing tagasuri ng nabuong modyul na ginamit bilang interbensiyon sa pagpataas ng antas ng kasanayan sa pagbasang may pag-unawa ng mga mag-aaral sa Baitang 7. Sinuri nila ang modyul ayon sa sumusunod na pamantayan: kaangkupan, kasaklawan, at varayti ng mga gawain.

### 3.3 Mga Instrumento ng Pananaliksik

Tatlo ang ginamit na instrumento sa pananaliksik na ito: ang *teacher-made test* na ipinagamit sa mga mag-aaral para sa *pre-* at *post-test* gayundin ang *evaluation checklist* na ipinagamit naman sa tatlong gurong nagsilbing valideytor ng modyul na ginawa ng mananaliksik bilang interbensiyon sa pagpapataas ng antas ng kasanayan sa pagbasang may pag-unawa ng mga mag-aaral sa Baitang 7. Ginamit din ang *documentary analysis* para sa pagtukoy ng antas ng pagbasang may pag-unawa ng mga mag-aaral.

Isinagawa rin ang *dry-run* sa paunang pagsusulit matapos ang balidasyon nito sa isang seksiyon sa Baitang 7 na hindi hawak ng mananaliksik upang matukoy ang *validity* at *reliability* nito. Matapos makuha ang resulta ng *dry-run*, ipinagamit na ito bilang kagamitan sa paunang pagtataya sa apat na seksiyon ng Baitang 7 na *respondents* ng pag-aaral na ito. Lumabas sa resulta na 0.95 ang *reliability index* nito na nangangahulugang *very reliable* o lubos na maaasahan. Nakakuha rin ito ng 0.98 *validity index* na nangangahulugang *very high valid* o lubhang kapaki-pakinabang ang nabuong *teacher-made test.* Ayon sa resulta ng isinagawang unang pagtataya o *dry-run*, apat na tanong ang inilarawan bilang *marginal item* at lima naman ang nasa *poor item* kaya't ang mga ito ay inirebisa upang mas maisaayos at maging angkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral sa Baitang 7 at makatugon sa *reliability* at *validity* ng pag-aaral.

### 3.4 Paraan ng Pangangalap ng Datos

May sinunod na sistematikong proseso ang mananaliksik sa pagsagawa ng pag-aaral na ito upang maging maayos ang daloy ng gawain mula sa umpisa hanggang sa mabuo ang mga ito. Ito ay ang sumusunod: Konseptuwalisasyon ng Suliranin sa Pananaliksik, Aprobasyon ng Pamagat ng Pananaliksik, Pagkuha ng Pahintulot para sa Pagsagawa ng Pag-aaral, Paghahanda ng Instrumento sa Pananaliksik, Balidasyon ng *Teacher-Made Test*, Pagsasakatuparan ng *dry-run*, Pagkuha ng Datos, Pagbuo ng Modyul, Balidasyon ng Modyul, Implementasyon ng Modyul, Pagbigay ng *Post-Test* sa mga *Respondent*, Estadistikal na Analisis at Interpretasyon ng Datos, Pagsusulat ng Ulat at Aprobasyon ng Pag-aaral.

### 3.5 Mga Estadistikang Ginamit

Ang sumusunod ay ang mga *statistical tool* na ginamit para sa development at balidasyon ng modyul ng mga *Osipong Bikol* na ginamit bilang interbensiyon sa pagpataas ng antas ng pagbasang may pag-unawa ng mga mag-aaral sa Baitang 7: *Mean*, *Standard Deviation*, *Proficiency Level*, *Weighted Mean, t-Test for Dependent Samples, Pearson Product-Moment Correlation Coefficient, Cohen's d.*

## IV. RESULTA, PAGSUSURI, AT INTERPRETASYON NG DATOS

### 4.1 Antas ng Pagbasa Batay sa *Pre-Test*

Ang pangkalahatang antas ng pagbasang may pag-unawa ng mga mag-aaral sa Baitang 7 ay nakabatay sa isinagawang *pre-test* o paunang pagsusulit. Ang mga binigyan ng nasabing pagsusulit ay ang mga mag-aaral sa Baitang 7 ng *V. Bagasina Sr. Memorial High School* na mula sa seksiyong *A, B, C,* at *D* na may 132 kabuong bilang. Ang datos ay sinuri sa pamamagitan ng *mean* at *standard deviation* upang matukoy at mailarawan ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 7.

**Talahanayan 2**
**Pangkalahatang Antas sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa *Pre-Test***

| Respondents | Statistical Measures for a 48-item Pre-Test | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **N** | **Mn** | **SD** | **Rk** |
| A | 31 | 28.29 | 11.56 | 4 |
| B | 32 | 28.00 | 9.58 | 2 |
| C | 35 | 26.97 | 11.16 | 3 |
| D | 34 | 30.79 | 9.42 | 1 |
| **Overall** | **132** | **28.52** | **10.56** | |

***Mga Pananda:***

**N:** Populations
**Mn:** Mean
**SD:** Standard Deviation
**Rk:** Rank

**Mean Descriptor**

| *Range* | *Interpretation* |
|---|---|
| 34 – 48 | Independent (Ind) |
| 19 – 33 | Instructional (Ins) |
| 0 – 18 | Frustration (F) |

Ang Talahanayan 2 ay nagpakita ng pangkalahatang antas sa pagbasang may pag-unawa ng mga mag-aaral sa Baitang 7 gamit ang *pre-test* o paunang pagsusulit na ibinigay sa mga ito. May kabuoang 132 mag-aaral ang kumuha ng paunang pagsusulit na binubuo ng 48 bilang. Ayon sa resulta ng pagsusuri, ang *7-A* na binubuo ng 31 mag-aaral ay nasa *Instructional* ang antas ng pagbasa na may *mean* na 28.29. Ang *7-B* naman na binubuo ng 32 mag-aaral ay nasa *Instructional* din ang antas ng pagbasa na may *mean* na 28.00. Samantala, Ang *7-C* naman na binubuo ng 35 mag-aaral ay nasa *Instructional* ang antas ng pagbasa na may *mean* na 26.97. Ang *7-D* naman na binubuo ng 34 na mag-aaral ay nasa *Instructional* din ang antas ng pagbasa na may *mean* na 30.79. Sa pangkalahatan, ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 7 gamit ang *pre-test* o paunang pagtataya na binubuo ng 48 bilang ay *Instructional* na may *Mean* na 28.52.

Nakita rin sa talahanayan ang *standard deviation* ng resulta ng bawat pangkat ng mga *respondent*. Ang *7-A* ay nakakuha ng 11.56 na *Standard Deviation*, 9.58 naman sa *7-B*, 11.16 sa *7-C* samantalang 9.42

sa *7-D*. Sa kabuoan, ang nakakuha ng 10.56 na kabuoang *Standard Deviation* ang mga mag-aaral sa Baitang 7 na *respondent* ng pananaliksik na ito. Nagpapakita itong ang mga *respondent* ay kabilang sa *heterogenous group* at nagkakaiba ang bawat isa sa pagganap sa larang ng pagbasa dahil ang ibang mag-aaral ay mataas ang resultang nakuha sa *pre-test* samantalang ang iba naman ay mababa ang iskor na nakuha.

**4.2 Disenyo sa Pagpapataas ng Antas sa Pagbasang may Pag-unawa**

Layunin ng pag-aaral na ito na mapaunlad ang kasanayan sa pagbasang may pag-unawa ng mga maag-aaral sa Baitang 7 ng *V. Bagasina Sr. Memorial High School – Himaao, Pili, Camarines Sur*. Mula sa resulta ng paunang pagsusulit na isinagawa na ang pangkalahatang antas sa pagbasang may pag-unawa ng *respondents* ay *Instructional*, nabuo ang modyul ng mga *Osipong Bikol* bilang karagdagang kagamitang pampagtuturo sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Wikang Bikol ang ginamit na midyum upang mas madaling maintindihan ng mga mag-aaral ang nilalaman ng nasabing modyul dahil ito ang unang wika ng mga *respondent*.

Ang limang modyul ng mga *Osipong Bikol* ay hinango mula sa iba't ibang mapagkakatiwalaang sanggunian at ang nilalaman ng mga ito ay nakaangkla sa mga kasanayang pampagkatuto na nakapaloob sa *Most Essential Learning Competencies (MELCs)* ng Kagawaran ng Edukasyon. Ang Modyul 1 ay tungkol sa *Kadunungang-bayan* (Karunungang-bayan), *Istoryang Suanoy* (Kuwentong-bayan) naman ang paksang-aralin sa Modyul 2, Alamat sa Modyul 3, *Halipot na Osipon* (Maikling Kuwento) sa Modyul 4, at ang paksang-aralin naman sa Modyul 5 ay tungkol sa Epiko. Ang bawat modyul ay may sumusunod na bahagi: Mga *Kasanayan sa Pagkanood*, *Panginot na Gibuhon*, *Pag-urulayan Ta*, *Espasyo Para sa Naintindihan*, *Panghuring Gibuhon*, *Mahalagang Punto*, *Pagirumdom*, *Ebalwasyon sa Modyul Asin sa Sadiri*, *Giya sa Pagtsek*, at Sanggunian.

**4.3 Antas ng Pagtanggap ng Nabuong Kagamitan**

Sa pag-aaral na ito, limang modyul ng *Osipong Bikol* ang binuo ng mananaliksik bilang interbensiyon matapos makita ang resulta ng paunang pagsusulit. Ang Modyul 1 ay tungkol sa *Kadunungang-bayan* (Karunungang-bayan), *Istoryang Suanoy* (Kuwentong-bayan) naman ang paksang-aralin sa Modyul 2, Alamat sa Modyul 3, *Halipot na Osipon* (Maikling Kuwento) sa Modyul 4, at ang paksang-aralin naman sa Modyul 5 ay tungkol sa Epiko. Ang nasabing mga modyul ay dumaan sa masusing balidasyon ng mga eksperto sa larang ng wika at panitikan sa *V. Bagasina Sr. Memorial High School*. Tatlong guro sa Filipino (dalawang *Teacher III* at isang *Master Teacher 1*) ang nagsagawa ng balidasyon ng mga modyul sa *Osipong Bikol*. Binigyang-pansin ng balidasyon ang *curricular validity* nito ayon sa sumusunod na pamantayan: kaangkupan, kasaklawan, at varayti ng mga gawain.

Ang *curricular validity* ay tumutukoy sa kaangkupan ng nabuong kagamitang pampagtuturo sa umiiral na kurikulum sa mga paaralang sakop ng Kagawaran ng Edukasyon. Hinati sa tatlong pamantayan ang *curricular validity* ng pananaliksik na ito: kaangkupan, kasaklawan, at varayti ng mga gawain.

<u>Kaangkupan.</u> Ang kaangkupan ay tumutukoy sa kawastuan, kasapatan, at kaakmaan ng nilalaman ng mga akda at mga gawain sa nakitang pangangailangan ng mga mag-aaral na makakatulong na maging kawili-wili ang pagbabasa ng mga akdang pampanitikan. Ang mga gawain at nilalaman ng akda ay angkop din sa panlasa at interes na naging daan sa paghubog sa mataas na antas ng pag-unawa sa binasang akda.

**Talahanayan 3.1**
**Antas ng Pagtanggap ng Nabuong Kagamitan batay sa Kaangkupan**

| Pamantayan | WM | Int |
|---|---|---|
| Ang modyul ay naaayon sa mga itinakdang pamantayan ng kurikulum. | 5.00 | LKT |
| Ang mga impormasyon ay batay sa kasalukuyang panahon. | 5.00 | LKT |
| Ang nilalaman ng modyul ay may kaugnayan sa layunin ng pagkatuto. | 5.00 | LKT |
| Malinaw ang mga paliwanag at mga halimbawa sa bawat paksa gayundin ang mga direksiyon sa mga pagsasanay. | 5.00 | LKT |
| Ang gawaing nakapaloob sa modyul ay makakatulong upang higit na mapayaman at mapaunlad ang kakayahan sa masusi, mabilis, at malikhaing pag-iisip ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng kasanayan sa pagbasang may pag-unawa. | 5.00 | LKT |
| **Average Weighted Mean** | **5.00** | **LKT** |

***Mga Pananda:***

**WM:** Weighted Mean
**Int:** Interpretation

| Range | Descriptor |
|---|---|
| 4.21 – 5.00 | Lubos na Katanggap-tanggap (LKT) |
| 3.41 – 4.20 | Katanggap-tanggap (KT) |
| 2.61 – 3.40 | Medyo Katanggap-tanggap (MKT) |
| 1.81 – 2.60 | Hindi Katanggap-tanggap (HKT) |
| 1.00 – 1.80 | Lubos na Hindi Katanggap-tanggap (LHKT) |

Sa antas ng pagtanggap ng nabuong kagamitan batay sa kaangkupan, lahat ng pamantayang nakapaloob dito ay binigyan ng markang 5.00 ng mga valideytor kaya nakakuha ito ng 5.00 na *weighted mean* na nangangahulugang katanggap-tanggap ito.

Mula sa resultang ipinakita sa Talahanayan 3.1, nangangahulugan itong wasto, sapat, at akma ang nilalaman ng mga akda at gawain sa nakitang pangangailangan ng mga mag-aaral. Nakaangkla rin sa nilalaman ng *Most Essential Learning Competencies* ang mga kasanayan sa bawat modyul. Sa kabuoan, ang nilalaman ng mga modyul ay malaking tulong upang mapunuan ang kulang na kasanayang pampagkatuto ng mga mag-aaral.

Kasaklawan. Ang kasaklawan naman ay tumutukoy sa kabuoang paglalarawan sa nilalaman ng mga akdang nakapaloob sa mga *Osipong Bikol*. Ipinakita sa Talahanayan 3.2 ang antas ng pagtanggap ng nabuong modyul batay sa kasaklawan.

Sa antas naman ng pagtanggap ng modyul batay sa kasaklawan, dalawa sa mga valideytor ang nagbigay ng 5.00 sa lahat ng mga pamantayan samantalang may isa ang nagbigay ng markang 4.0 sa isa sa mga pamantayan. Nakakuha ito ng kabuoang *weighted mean* na 4.93 na nangangahulugang katanggap-tanggap.

**Talahanayan 3.2**
**Antas ng Pagtanggap ng Nabuong Kagamitan batay sa Kasaklawan**

| Pamantayan | WM | Int |
|---|---|---|
| Ang modyul ay inklusibo para sa iba't ibang uri ng mag-aaral na may pagkakaiba-iba sa wika, kultura, at estilo ng pagkatuto. | 4.67 | LKT |
| Ang mga konseptong nakapaloob sa modyul ay batay sa konteksto ng mga mag-aaral. | 5.00 | LKT |
| Ang modyul ay may kakayahang masukat ang mga kakayahan o kaalaman ng mga mag-aaral. | 5.00 | LKT |
| Ang mga konsepto sa modyul ay nagpapakita ng malinaw na kaugnayan sa mga teoritikal na konsepto. | 5.00 | LKT |
| Madaling maintindihan ang mga konseptong nakapaloob sa modyul. | 5.00 | LKT |
| **Average Weighted Mean** | **4.93** | **LKT** |

Ang resultang ipinakita sa Talahanayan 3.2 ay nangangahulugang ang konsepto ng modyul ay batay sa konteksto ng mga mag-aaral kaya't ito ay madaling mauunawaan ng bawat gagamit nito. Ipinakita rin nitong ang ginawang modyul ay akma sa pagsukat ng kakayahan at kaalaman ng mga mag-aaral.

<u>Varayti ng mga Gawain.</u> Samantala, ang bahaging varayti ng mga gawain naman ay tungkol sa iba't ibang gawaing nakapaloob sa nabuong modyul ng mga *Osipong Bikol*. Ang mga gawain ay nakatuon sa pagpaunlad, paglinang, at pagpamalas sa mas mataas na antas ng pagbasang may pag-unawa ng mga mag-aaral sa Baitang 7.

Samantala, sa antas naman ng pagtanggap sa modyul batay sa varayti ng mga gawain, ang tatlong valideytor ay nagbigay ng 5.00 na marka sa lahat ng mga pamantayang nakapaloob dito. Nakakuha ito ng *weighted mean* na 5.00 na nangangahulugang katanggap-tanggap.

**Talahanayan 3.3**
**Antas ng Pagtanggap ng Nabuong Kagamitan batay sa Varayti ng mga Gawain**

| Pamantayan | WM | Int |
|---|---|---|
| Ang modyul ay may kompletong bahagi at naglalaman ng sapat na mga impormasyon at gawain kaugnay ng paksa. | 5.00 | LKT |
| Ang mga tanong, pagsusulit, at iba pang gawain sa modyul ay maayos na kumakatawan sa mga paksa, aralin, at konsepto sa loob ng modyul. | 5.00 | LKT |
| Ang mga gawain sa modyul na ito ay magsisilbing gabay sa mga guro sa pagtuturo ng panitikan sa mga mag-aaral na magpapalawak sa kaalaman ng mga ito hinggil sa mga *Osipong Bikol*. | 5.00 | LKT |
| Ang gawain sa modyul ay magsisilbing pamukaw ng kaisipan sa mga mag-aaral upang lalong maunawaan ang kulturang Bikol habang pinapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagbasang may pag-unawa. | 5.00 | LKT |
| Ang mga gawaing nakapaloob sa modyul ay makakatulong sa pagpapalawak ng kasanayan sa pagbasang may pag-unawa ng mga mag-aaral. | 5.00 | LKT |
| **Average Weighted Mean** | **5.00** | **LKT** |

Mula sa binanggit na resulta na ipinakita sa Talahanayan 3.3, nangangahulugan itong ang iba't ibang gawaing nakapaloob sa bawat modyul ay angkop sa pagpupuno sa kulang na kasanayang pampagkatuto ng mga mag-aaral sa Baitang 7. Ang mga gawain ding ito ay angkop sa mga paksang-aralin at konseptong nakapaloob sa bawat modyul na makakatulong upang mapalawak ang antas ng kasanayan sa pagbasang may pag-unawa ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 3.4**
**Kabuoang Antas ng Pagtanggap ng Nabuong Kagamitan**

| PANUKATAN | WM | Int |
|---|---|---|
| KAANGKUPAN | 5.00 | LKT |
| KASAKLAWAN | 4.93 | LKT |
| VARAYTI NG MGA GAWAIN | 5.00 | LKT |
| **Average Weighted Mean** | **4.98** | **LKT** |

Sa pangkalahatan, ang kabuoang antas ng pagtanggap sa nabuong kagamitan ay Katanggap-tanggap na may *weighted mean* na 4.98. Sa panukatan sa Kaangkupan, may *weighted mean* itong 5.00 na nangangahulugang Lubos na Katanggap-tanggap. 4.93 naman ang *weighed mean* sa panukatan sa Kasaklawan na nangangahulugang Lubos na Katanggap-tanggap at sa Varayti ng mga Gawain, may *weighted mean* din itong 5.00 na may interpretasyon ding Lubos na Katanggap-tanggap.

Mula sa pangkalahatang resultang ipinakita sa Talahanayan 3.4, nangangahulugan itong ang binuong modyul bilang interbensiyon sa pagpapataas ng kasanayan sa pagbasang may pag-unawa ng mga mag-aaral ay angkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral at lubos na katanggap-tanggap ito sa lahat ng pamantayan. Ang nilalaman, saklaw, at mga gawaing nakapaloob sa bawat modyul ay akma sa nilalaman ng *Most Essential Learning Competencies.*

### 4.4 Antas ng Pagbasa Batay sa *Post-Test*

Ang pangkalahatang antas ng pagbasang may pag-unawa ng mga mag-aaral sa Baitang 7 ay nakabatay sa isinagawang *post-test* o panghuling pagsusulit. Ang binigyan ng nasabing pagsusulit ay ang mga mag-aaral sa Baitang 7 ng *V. Bagasina Sr. Memorial High School* na mula sa seksiyong *A, B, C,* at *D* na may 132 kabuong bilang. Ang nasabing *post-test* ay isinagawa matapos ipagamit sa mga *respondent* ang modyul ng mga *Osipong Bikol* na binuo bilang interbensiyon sa pagpataas ng antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 7.

**Talahanayan 4**
**Pangkalahatang Antas sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa *Post-Test***

| Respondents | Statistical Measures for a 48-item Post-Test | | | |
|---|---|---|---|---|
| | N | Mn | SD | Rk |
| A | 31 | 34.00 | 9.36 | 3 |
| B | 32 | 34.72 | 8.36 | 2 |
| C | 35 | 33.14 | 9.83 | 4 |
| D | 34 | 35.94 | 7.62 | 1 |
| **Overall** | **132** | **34.45** | **8.90** | |

***Mga Pananda:***

**N:** Number of Samples
**Mn:** Mean
**SD:** Standard Deviation
**Rk:** Rank

**Mean Descriptor**

| *Range* | *Interpretation* |
|---|---|
| 34 – 48 | Independent (Ind) |
| 19 – 33 | Instructional (Ins) |
| 0 – 18 | Frustration (F) |

Ang Talahanayan 4 ay nagpakita ng pangkalahatang antas sa pagbasang may pag-unawa ng mga mag-aaral sa Baitang 7 gamit ang *post-test* o panghuling pagsusulit na ibinigay sa mga ito. Ang nasabing pagsusulit na binubuo ng 48 tanong ay isinagawa matapos ang ibinigay na interbensiyon gamit ang mga *Osipong Bikol*. Sa resulta ng *post-test* na isinagawa, ang 7-A na binubuo ng 31 mag-aaral ay nasa *Independent* ang antas ng pagbasa na may *mean* na 34.00. Ang 7-B naman na binubuo ng 32 mag-aaral ay nasa *Independent* rin ang antas ng pagbasa na may *mean* na 34.72. Samantala, ang 7-C namang binubuo ng

35 mag-aaral ay nasa *Instructional* ang antas ng pagbasa na may *mean* na 33.14. Ang 7-D naman na binubuo ng 34 mag-aaral ay nasa *Independent* din ang antas ng pagbasa na may *mean* na 35.94. Sa kabuoan, ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 7 matapos ang interbensiyong ibinigay gamit ang *post-test* o panghuling pagtataya na binubuo ng 48 na bilang ay *Independent* na may *mean* na 34.45.

Nangangahulugan itong ang mga iskor sa *post-test* ay mas mataas kaysa *pre-test*. Nabawasan din ang pagkakalat ng mga iskor ngunit magkaiba pa rin sa isa't isa na ang ibig sabihin ay halos magkakapareho ang *performance* sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang kabuoang resulta batay sa *Mean* ay maaaring magpahiwatig na ang mga mag-aaral sa Baitang 7 ay nagkaroon ng pag-unlad sa kanilang pagbabasa pagkatapos mailapat ang interbensyong modyul ng mga *Osipong Bikol*.

Ipinakita rin sa talahanayan ang *standard deviation* ng resulta ng *post-test* ng bawat pangkat ng mga *respondent*. Ang *7-A* ay nakakuha ng 9.36 na *Standard Deviation*, 8.36 naman sa *7-B*, 9.83 sa *7-C* samantalang 7.62 sa *7-D*. Sa kabuoan, ang nakakuha ng 8.90 na kabuoang *Standard Deviation* ang mga mag-aaral sa Baitang 7 na *respondent* ng pananaliksik na ito.

### 4.5 Kaibahan sa Antas ng Pagbasa Pagkatapos ng Interbensiyon

Sa pananaliksik na ito, nagbigay ng pauna at panghuling pagsusulit ang mananaliksik sa respondents na mag-aaral sa Baitang 7. Ang paunang pagsusulit ay binubuo ng 48 tanong na hinango mula sa limang *Osipong Bikol*. Mula sa resulta ng nasabing pagsusulit, nagsagawa ng interbensiyon ang mananaliksik sa pamamagitan ng modyul ng mga *Osipong Bikol*. Limang modyul na naglalaman ng mga *Osipong Bikol* at iba't ibang gawain ang ipinagamit sa mga mag-aaral. Matapos ang nasabing interbensiyon, muling nagsagawa ng panghuling pagsusulit ang mananaliksik.

**Talahanayan 5**
**Kaibahan sa Pangkalahatang Antas sa Pagbasa**

| **Statistical Measures** | **Antas ng Pangkalahatang Pagbasa** | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **BGI** | **Int** | **PGI** | **Int** |
| **Mean** | 28.515 | Ins | 34.447 | Ind |
| **t-stat value** | 12.241 | | *two tailed test at 5% significant level* | |
| **p-value** | 0.000 | | *significant* | |

***Mga Pananda:***

**Prof Lvl:** Proficiency level
**BGI:** Antas ng pagbasa bago isinagawa ang interbensiyon
**PGI:** Antas ng pagbasa pagkatapos isinagawa ang interbensiyon
**Int:** Interpretasyon

Bago ang interbensiyon, ang pangkalahatang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 7 ay *Instructional* na may *mean* na 28.515. Pagkatapos ng pagbibigay ng interbensiyon ng mananaliksik sa mga mag-aaral sa Baitang 7, ang pangkalahatang antas ng pagbasa ng mga ito ay *Independent* na at may *mean* na 34.447. May makabuluhang pagkakaiba rin sa pagitan ng pangkalahatang antas ng pagbasa bago at pagkatapos ng pagpapatupad ng interbensyon na may *t-value* na 12.241 at *p-value* na 0.000.

### 4.6 Ugnayan ng Resulta ng *Pre-Test* at *Post-Test*

Sa pananaliksik na ito, nakitang nagkaroon ng pagkakaiba sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 7 matapos ipagamit sa mga ito ang modyul ng mga *Osipong Bikol* na ginawang interbensiyon ng mananaliksik upang magkaroon ng pag-unlad ang kasanayan sa pagbasa ng mga *respondent*.

Ang talahanayan 6 ay nagpapakita ng ugnayan ng resulta ng *pre-* at *post-test* matapos na maisagawa ang interbensiyon gamit ang limang modyul ng mga *Osipong Bikol*. Ang ugnayan sa pagitan ng mga resulta ng *pre-* at *post-test* ay tinutukoy ng isang *r-value* na 0.851 na nangangahulugang *Very Strong Correlation* at *p-value* na 0.000 na nangangahulugang significant o makabuluhan. Mula sa ipinakitang resulta,

nangangahulugan itong nagkaroon ng makabuluhang napakalakas na ugnayan at katamtamang mataas na epekto ng ugnayan sa pagitan ng mga resulta ng *pre* at *post-test*.

**Talahanayan 6**
**Kaugnayan ng Resulta sa Antas ng Pagbasang may Pag-unawa**

| Test | Statistical Measures | | Interpretation |
|---|---|---|---|
| **Pre- at Post-** | r value | 0.851 | VSC |
| | p value | 0.000 | Significant |

*Mga Pananda:*
**r value:** Pearson Product-Moment Correlation Coefficient
**p value:** Probability Value

**r-value Descriptor**

| *Scale* | *Strength of Correlation* |
|---|---|
| 0.81 – 0.99 | Very Strong Correlation (VSC) |
| 0.51 – 0.80 | Strong Correlation (SC) |
| 0.31 – 0.50 | Moderate Correlation (MC) |
| 0.01 – 0.30 | Weak Correlation (WC) |

Sa pangkalahatan, nangangahulugan itong may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pangkalahatang antas ng pagbasa bago at pagkatapos ng pagpapatupad ng interbensyon. Nakita mula sa talahanayang nagkaroon ng pagbabago sa resulta ng *pre* at *post-test* dahil ginamit ang ginawang interbensiyon ng mananaliksik. Nangangahulugan itong mabisa ang ginamit na modyul upang magkaroon ng pagbabago sa resulta ng *pre* at *post-test*.

### 4.7 Kabisaan ng Interbensiyong Isinagawa

Sa pag-aaral na ito, ang mananaliksik ay nagbigay ng paunang pagsusulit upang matukoy ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 7 ng *V. Bagasina Sr. Memorial High School*, Taong Panuruan 2023-24. Sa nasabing pagsusulit, nakita na *Instructional* ang antas ng pagbasa ng mga nasabing mag-aaral. Kaya naman nagbigay ng interbensiyon ang mananaliksik sa pamamagitan ng mga modyul ng *Osipong Bikol*. Matapos itong mapag-aralan at masagutan ng mga mag-aaral, nagbigay naman ng panghuling pagsusulit o *post-test* ang mananaliksik.

**Talahanayan 7**
**Antas ng Kabisaan ng Interbensiyon**

| Statistical Measures | Pre-Test | Post-Test |
|---|---|---|
| **Mean** | 28.52 | 34.44 |
| **Observations** | 132 | 132 |
| **Cohen's d** | 0.605 | |
| **Effectiveness** | Medium Effect | |

*Mga Pananda:*

| *Scale* | *Descriptor on Effect Size* |
|---|---|
| 0.800 - above | Large Effect |
| 0.500 – 0.799 | Medium Effect |
| 0.200 – 0.499 | Small Effect |
| 0.199 – below | Least Effect |

Sa Talahanayan 7, makikita ang kabisaan ng isinagawang interbensiyon sa *mean* na 34.44 matapos ang panghuling pagsusulit samantalang bago ang interbensiyon, ang *mean* ay 28.52 na makikita sa paunang pagsusulit. Ang 0.605 na *Cohen's d* ay nagpapahiwatig na ang interbensyon ay may katamtamang laki ng epekto.

Sa resultang ipinakita sa talahanayan, nangangahulugan itong ang pagbabago mula sa *pre*- hanggang sa *post-test* ay makabuluhan at kapansin-pansin sa estadistika. Nangangahulugan din itong ang isinagawang

interbensiyon ay epektibo at may makabuluhang epekto sa pag-unlad ng kasanayan sa pagbasang may pag-unawa ng mga mag-aaral sa Baitang 7.

## V. KONKLUSYON

Batay sa resulta ng *pre-test,* makikitang may kababaan ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 7. Sa kabuoang resulta, nasa *Instructional* ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral. Ang pangkalahatang resulta ay maaaring magmungkahing ang mga mag-aaral sa Baitang 7 ay nangangailangan ng suporta sa pagbabasa upang mapabuti ang antas nito. Ang mabubuong modyul ng mga *Osipong Bikol* ay kailangang magtaglay ng mga makabuluhang bahagi upang matulungan ang mga mag-aaral sa Baitang 7 na paunlarin ang kasanayan sa pagbasang may pag-unawa. Matapos ang balidasyon ng binuong modyul bilang interbensiyon sa pagpapataas ng kasanayan sa pagbasang may pag-unawa ng mga mag-aaral, nakita na ito ay angkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral at katanggap-tanggap ito sa lahat ng pamantayan. Ang nilalaman, saklaw, at mga gawaing nakapaloob sa bawat modyul ay akma sa nilalaman ng *Most Essential Learning Competencies.* Kaya naman, matapos ang interbensiyong isinagawa, lumabas sa resulta ng *post-test* na may pag-unlad na naganap sa mga mag-aaral kaya't ang antas ng kanilang pagbasa ay *Independent* na. Nagpapakita itong epektibo at angkop ang ibinigay na interbensiyon sa mga mag-aaral. Ang resulta sa itaas ay nagpapahiwatig ng kaangkupan ng ibinigay na interbensiyong modyul ng mga *Osipong Bikol* sa mga mag-aaral dahil matapos na ipagamit ito ay nagkaroon ng pagbabago sa antas ng pagbasa ng mga mag-aaral.

## VI. REKOMENDAYON

Mula sa resulta ng pananaliksik, iminumungkahi na ipagpatuloy pa ang pagbibigay ng kaukulang interbensiyong tulong sa mga mag-aaral upang mas lalo pang mahasa ang kanilang kasanayan sa pagbasang may pag-unawa. Hikayatin din ang bawat mag-aaral na gawing bahagi ng kanilang pang-araw-araw na gawain ang pagbabasa. Ipagpatuloy ang pagpapagamit sa modyul ng mga *Osipong Bikol* sa mga mag-aaral. Maaari na ring gumamit ng iba pang babasahin at kagamitang pampagkatutong hindi lamang wikang Bikol ang ginamit na midyum bagkus ay maging mga babasahing nasa wikang Filipino. Patuloy ring gabayan ang mga mag-aaral at mas hasain pa sa pagbabasa upang umunlad ang kanilang kaalaman at akademikong pagganap. Sa mga guro, bigyan din ng mga angkop na mga babasahin ang mga mag-aaral na maaari nilang basahin sa kanilang mga bakanteng oras. Iminumungkahing higit pang paunlarin ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa tulong ng mga karagdagang babasahin at pati na rin sa patuloy na paggabay ng guro upang mahasa hindi lamang ang kasanayan sa pagbasang may pag-unawa ng mga mag-aaral kundi pati na rin ang kasanayan nila sa malikhain, mapanuri, at kritikal na pag-iisip.

## VII. PASASALAMAT

Ang mananaliksik ay lubos na nagpapasalamat sa lahat ng mga mag-aaral sa Baitang 7 ng *V. Bagasina Sr. Memorial High School – Himaao, Pili, Camarines Sur* na naging *respondents* ng pag-aaral na ito gayundin sa Punong-guro at Tagamasid Pampurok ng nasabing paaralan sa pagbigay ng pahintulot sa mananaliksik na magsagawa ng pag-aaral.

## SANGGUNIAN

**[1]** Almario, Virgilio S. (2014). Madalas Itanong Hinggil sa Wikang Filipino. Inilathala ng Komisyon sa Wikang Filipino. Maynila.

**[2]** Almario, Virgilio S. (2010). UP Diksiyonaryong Filipino. Binagong Edisyon. ANVIL Publishing, Inc. Pasig City.

**[3]** Almasco, Abe-Gael M. (2021). Pagdevelop at Pagtataya ng Kagamitang Pampagtuturo sa Pagbasa para sa Kolehiyo. Di-Nalathalang Tesis ng Naga College Foundation. Lungsod Naga.

**[4]** Amparo, Jonevee (2020). Paglalatag ng mga Karanasan ng mga Guro sa Implementasyon ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB- MLE) sa Iloilo City. Nakuha sa: (https://www.dlsu.edu.ph/wpcontent/uploads/pdf/research/journals/mala y/tomo-32/2/6-amparo.pdf)

**[5]** Apin-Antonio, Chrislyn (2022). Piling Panitikang Rinconada Panuwang sa Pagtuturong Filipino 8, Batay sa Most Essential Learning Competencies (MELCs). Di-Nalathalang Tesis ng Naga College Foundation. Lunsod Naga.

**[6]** Bacalla, Lita A. (2019). Pagtataya ng MTB-MLE: Tugon sa Pagpapaunlad ng Implementasyon ng K to 12 Kurikulum Nakuha sa: (http://www.academia.edu/57396635/PAGTATAYA_NG_MTB_MLE_TUGON_SA_PAGPAPAUNLAD_NG_IMPLEMENTASYON_NG_KTO_12_KURIKULUM)

**[7]** Baran, Melanie P. (2015). Pupil's Preferred Language Learning Activities and their Performance: Inputs to an Enhanced Language Learning Program. Di- Nalathalang Tesis. Naga College Foundation.

**[8]** Belches, Rubeline P. (2022). Mga Salik sa Pagbuo ng Learning Activity Sheets Tungo sa Intelektuwalisasyon ng Filipino. Di-Nalathalang Tesis ng Naga College Foundation. Lunsod Naga.

**[9]** Brusas, Sherwin C. (2022). e-Workbuk sa Bagong Normal para sa Filipino 7. Di- Nalathalang Tesis ng Naga College Foundation. Lunsod Naga.

**[10]** Clarke, Paula J. (2014). Developing Reading Comprehension. West Sussex, UK. John Wiley & Sons, Ltd.

**[11]** Dela Peña, Jessica Marie P. (2023). Pagbuo at Balidasyon ng Kagamitang Pampagkatuto sa Filipino sa Kolehiyo. Nakuha sa: (https://www.eprajournals.net/index.php/IJMR/article/view/1470/1480)

**[12]** Department of Education. (2016). K to 12 Curriculum Gude: Mother Tongue. Nakuha sa: https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/Mother-Tongue-CG.pdf

**[13]** Dimas, Vaness D., et. al (2022). Modular Learning Modality: Karanasan ng mga Mag-aaral Mula sa mga Liblib na Lugar sa Bayan ng Juban. Nakuha sa: https://www.researchgate.net/publication/359858801

**[14]** Haider, Mehwish & Yasmin, Aalyia (2015). Significance of Scaffolding and Peer Tutoring in the Light of Vygotsky's Theory of Zone of Proximal Development. Nakuha sa: (https://www.ijill.org/vol1/33-l310.pdf)

**[15]** Hehir, Damian (2022). Understanding the Gagne Instructional Design Model. Nakuha sa: (https://capytech.com/index/php/2022/12/23/elementor- 11659/)

**[16]** Dela Peña, Jessica Marie, PhD., Dr. Arlyn C. Cura, & Prof. Juvy V. Galamay (2023). Interaktibong Modyul sa Pagtuturo ng Filipino. Nakuha sa: https://www.eprajournals.net/index.php/IJRD/article/view/1476/1486)

**[17]** Interino, Lorenel S. (2019). Salik na Nakaaapekto sa Pag-unawa sa Pagbasa ng Junior High School sa Libmanan District. Di-Nalathalang Tesis. Naga College Foundation ng Naga College Foundation. Lungsod Naga.

**[18]** Jaucian, Lilibeth A. (2019). Antas ng Pag-unawa sa Filipino ng mga Mag-aaral Gamit ang Kagamitang Panteknolohiya. Di-Nalathalang Tesis ng Naga College Foundation. Lungsod Naga.

**[19]** Manila Times (2022). Opinion/Column about why Filipino Children Can't Read, nakuha sa https://www.manilatimes.net/2022/08/10/opinion/columns/why-9-out-of- 10-filipino-children-cant-read/1854046

**[20]** Pabellano, Maybelle T. & Imelda G. Carada, PhD (2023). Lokalisadong Storyboard ng mga Akdang Tayabasin at Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa at Kasanayan sa Pagpapayaman ng Talasalitaan. Nakuha sa: (https://www.eprajournals.net/index.php/IJMR/article/view/2564/2563)

**[21]** Palma, Jaypee U. & Tubo, Tito T. (2019). Komprehensyon sa mga Piling Akdang Panitikan at Akademik Perpormans ng mga Mag-Aaral sa Filipino 7 ng Mahayag National High School, San Miguel, Bohol. Nakuha sa: (https://scholar.archive.org/work/eykaihx7u5eynfodwu2mzg6egm/access/ wayback/http://uburc.ph/index.php/aubgsps/article/download/142/pdf_15

**[22]** PHIL-IRI (2018). The Philippine Informal Reading Inventory Manual (2018). Department of Education.

**[23]** PISA Report (2019). Nakuha sa https://www.deped.gov.ph/wp- content/uploads/2019/12/PISA-2018-Philippine-National-
Report.pdf

**[24]** Quintino, Hosenia E. (2021). Lebel ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag- aaral sa Ikawalong Baitang ng Pambansang
Mataas na Paaralan ng Subic. Nakuha sa https://www.academia.edu/49532800/

**[25]** Radyo Inquirer (2029). Pilipinas kulelat sa Reading Comprehension ayon sa Isang Global Survey. Nakuha sa:
https://radyo.inquirer.net/219643/pilipinas- kulelat-sa-reading-comprehension-ayon-sa-isang-global-survey

**[26]** Sali, Julgina N. (2024). Mga Kagamitang Pampagtuturong Ginagamit sa mga Asignaturang Filipino. Nakuha sa:
(http://www.ajhssr.com/wp- content/uploads/2024/03/1248038392.pdf)

**[27]** UNICEF (2022). Press release on Learning Poverty, nakuha sa https://www.unicef.org/press-releases/70-cent-10-year-olds-
learning- poverty-unable-read-and-understand-simple-text

**[28]** Victoria, Vasil A., et al. (2022). Introduksiyon sa Pag-aaral ng Wika. Lungsod Naga. Sariling limbag.

**[29]** Villafuerte, Rochelle B. (2023). Development at Balidasyon ng Modyul sa Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at
Kulturang Pilipino ng Senior High School. Di-Nalathalang Tesis ng Naga College Foundation. Lunsod Naga.

**[30]** Zamora, Niña Christina Lazaro (2016). Pagtataya sa Modularisasyon ng K-12 sa Asignaturang Filipino: Tungo sa Pagbuo ng
Modelo ng Ebalwasyon para Kagamitang Panturo na Tutugon sa Ika-21 Siglong Kasanayan. Nakuha sa:
(https://po.pnuresearchportal.org/ejournal/index.php/normallights/article/ view/260/163)